# *Bautismo sa Tubig Yugto 2*

***“37 Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin? 38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. 39 Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya. 40 At sa iba pang maraming salita ay nagpatotoo siya, at nangaral sa kanila, na sinasabi, Magsiligtas kayo sa likong lahing ito. 41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa. 42 At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin.” (Mga Gawa 2:37-42 KJV)***

Sa panahon ng Pentecoste ang mga Judio na nakarinig ng mensahe ni Pedro, ***“41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa.” (Mga Gawa 2:41 KJV)*** Ang mga taong iyon narinig nila ang mensahe at sila’y nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang magpabsutismo. Pagkatapos ng kanilang bautismo itinalaga nila ang kanilang sarili sa sumusunod na apat na mga bagay:

***1. Ang turo ng mga apostol:*** Ang bautismo ay hindi katapusan ng paglalakbay ng Cristiano, kundi simula lamang ng daan. Ang mga nabautismuhan, ang simbahan ay dapat magpatuloy sa pagtuturo sa kanila at disiplinahin sila upang patuloy na mamuhay ayon sa mga paraan ng Panginoon. Sinabi rin sa atin ni Jesus ang sumusunod sa ***Mateo 28:19-20 “19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen.”*** Ang binigyang-diin ng Panginoon dito ay na pagkatapos ng bautismo, kailangan nating ipagpatuloy ang pagtuturo sa mga bagong alagad na sundin ang mga ipinag-utos ng Jesus sa atin; na kailangan nating ipagpatuloy ang paggabay sa kanila sa mga paraan ng Panginoon at disiplina upang sumunod sa lahat ng bagay. Kaya't maaari nating ipagpatuloy ang pagdidisiplina sa mga bagong mananampalataya, pagkatapos ay bautismuhan natin sila at ipagpatuloy ang pagtuturo sa kanila, o bautismuhan natin ang mga bagong mananamplataya ngunit pagkatapos ng bautismo, kailangan nating ipagpatuloy ang pagtuturo sa kanila ng mga paraan ng Panginoon.

Ang mahalaga dito ay ang sumusunod: Hindi dapat magbautismo ang simbahan ng mga tao nang walang pagtuturo o proseso ng pagiging alagad, maging bago o pagkatapos ng pagbabautismo. Bagamat sa ilang pagkakataon ay maaari tayong magbautismo ng mga taong nagpapakita ng katibayan ng tunay na pagsisisi at kagustuhang sumunod, hindi natin sila masusubaybayan. Hindi ito dapat ang pamantayan na susundin, kundi isang pagbubukod lamang na posible kapag ang Banal na Espiritu ang mangagpanubay sa atin na gawin iyon. Ang halimbawa nito ay ang ginawa ni Felipe sa pagsunod sa patnubay ng Dios na abutin ang Etopia at bautismuhan siya sa tubig. ***“26 Datapuwa't nagsalita kay Felipe ang isang anghel ng Panginoon, na nagsasabi, Magtindig ka, at ikaw ay pumaroon sa dakong timugan, sa daang palusong mula sa Jerusalem hanggang sa Gaza: na ito'y ilang. 27 At siya'y nagtindig at yumaon: at narito, ang isang lalaking taga Etiopia, isang bating na may dakilang kapamahalaan na sakop ni Candace, reina ng mga Etiope, na siyang namamahala ng lahat niyang kayamanan, at siya'y naparoon sa Jerusalem upang sumamba; 28 At siya'y pabalik at nakaupo sa kaniyang karo, at binabasa ang propeta Isaias. 29 At sinabi kay Felipe ng Espiritu, Lumapit ka, at makisama sa karong ito. 30 At tumakbo si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang binabasa si Isaias na propeta, at sinabi, Nauunawa mo baga ang binabasa mo? 31 At sinabi niya, Paanong magagawa ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman? At pinakiusapan niya si Felipe na pumanhik at maupong kasama niya. 32Ang dako nga ng kasulatan na binabasa niya ay ito, Siya'y gaya ng tupa na dinala sa patayan; At kung paanong hindi umimik ang kordero sa harap ng manggugupit sa kaniya, Gayon din hindi niya binubuka ang kaniyang bibig: 33 Sa kaniyang pagpapakababa'y inalis ang kaniyang paghuhukom. Sino ang maghahayag ng kaniyang lahi? Sapagka't inalis sa lupa ang kaniyang buhay. 34 At sumagot ang bating kay Felipe, at sinabi, Ipinamamanhik ko sa iyo, kanino sinasabi ng propeta ito? sa kaniya bagang sarili, o sa alin mang iba? 35 At binuka ni Felipe ang kaniyang bibig, at pagpapasimula sa kasulatang ito, ay ipinangaral sa kaniya si Jesus. 36 At sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila sa dakong may tubig; at sinabi ng bating, Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan? 37 At sinabi ni Felipe Kung nanampalataya ka ng buong puso ay mangyayari. At sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ay Anak ng Dios. 38 At ipinagutos niyang itigil ang karo: at sila'y kapuwa lumusong sa tubig, si Felipe at ang bating; at kaniyang binautismuhan siya. 39 At nang magsiahon sila sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon; at hindi na siya nakita ng bating, sapagka't ipinagpatuloy niya ang kaniyang lakad na natutuwa. 40 Nguni't nasumpungan si Felipe sa Azoto: at sa pagdadaan ay ipinangaral niya ang evangelio sa lahat ng mga bayan, hanggang sa dumating siya sa Cesarea.” (Mga Gawa 8:26-40 KJV)***

***2. Ang pagsamasama:*** Ang bagong naging mananaplataya na nabautismuhan ay kailangang maging bahagi ng simbahan, ang katawan ni Cristo, ang pamilya ng Dios. Dapat silang tuluyang lumayo sa makamundong pamumuhay at palitan ang kanilang dating buhay ng bagong mga ugnayan sa katawan ni Cristo at sa kanilang mga kapatid sa simbahan. Ang pagsamasama ay dapat nakatuon sa pagpapalago at pagpapaalab ng mga miyembro na gawin ang tama at makatarungan at gabayan sila sa mga paraan ng Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban. Kasama rin sa pakikipagkapwa ang pagbibigay ng payo at tamang gabay. Ang kahalagahan ng pagsamasam ay para palakasin ang ugnayan ng mga kapatid sa isa't isa at ang kanilang pagkakaisa sa Dios at Kanyang Salita at layunin. Ang pagsamasama ay hindi dapat nakabatay at binibigyang diin sa paghahanda ng pagkain at pagkain ng samasama, hindi iyon nangangahulugang ng pagsamasama. Ang pagsamasama ay nangangahulugang maabot din ang mga bahagi ng katawan na hindi makasama sa atin, tulad ng mga may sakit sa ospital, at mga may kapansanan at hindi makagalaw o yaong nasa bilangguan, o yaong dumaranas ng matinding problema at hindi na kayang harapin ang mga pasanin ng buhay. Kailangan nating maabot ang lahat ng mga kategoryang ito upang makipagkaisa sa kanila at patatagin sila upang ang ating pagsamba sa Dios ay maging kumpleto.

***3. Ang pagpira-piras ng tinapay:*** Ito ang Hapuna ng Panginoon na iniutos ni Jesus sa Kanyang mga apostol na gawin nang Kanyang kinuha iyon kasama nila gaya ng mababasa natin dito, ***"17 At siya'y tumanggap ng isang saro, at nang siya'y makapagpasalamat, ay sinabi niya, Kunin ninyo ito, at inyong pagbahabahaginin: 18 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na hindi na ako iinom mula ngayon ng bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian ng Dios. 19 At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 20 Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo." (Lucas 22:17-20 KJV)*** Ginagawa natin ang paghahati-hati ng tinapay dahil sinabi ng Panginoon, ***"gawin ninyo ito bilang pagaalala sa akin."*** Ngunit hindi natin dapat gawin iyon bilang isang ritwal lamang at nang walang malalim na pag-unawa. Ginawa ito ni Jesus kasama ng Kanyang mga apostol na Kanyang mga alagad. Samakatuwid, ang tunay na mga alagad na kusang sumusunod sa Dios ay dapat gawin ito habang sinusunod at tinutupad nila ang lahat ng mga utos ng Dios. Sinabi ni Jesus sa ***Juan 6:53-58 "53 Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili. 54 Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya'y aking ibabangon sa huling araw. 55 Sapagka't ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. 56 Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako'y sa kaniya. 57 Kung paanong sinugo ako ng Amang buhay, at ako'y nabubuhay dahil sa Ama; gayon din naman ang kumakain sa akin, siya nama'y mabubuhay dahil sa akin. 58 Ito ang tinapay na bumabang galing sa langit: hindi gaya ng mga magulang na nagsikain, at nangamatay; ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan man."***
Ang tinapay ay kumakatawan sa katawan ni Cristo at ang kupa ay ang Bagong Tipan sa Kanyang dugo, kaya hangga't tayo ay nananatili kay Cristo at sa Kanyang Salita, tayo ay karapat-dapat na makilahok sa paghati-hati ng tinapay. Ang mga alagad na tapat sa turo ng mga apostol ay karapat-dapat sa Hapag ng Panginoon. Hindi tayo dapat maging isang tradisyonal na simbahan na isinasagawa ang Hapag ng Panginoon ngunit hindi natin sinusunod ang espirituwal na kalagayan ng ating mga miyembro.

***4. Pananalangin:*** Ang panalangin ay ang pinagmumulan ng lakas na ating natatanggap mula sa Panginoon upang tayo ay mapanatiling matatag at ang Kanyang kaloob para sa atin upang harapin at lutasin ang ating mga problema. Dapat makilahok ang mga bagong disipulo sa buhay ng panalangin. Ang panalangin ang ating gulugod upang tumayo nang matatag sa buhay sa paglilingkod sa Dios. Ang panalangin ay ang ating ganap na pagpapahayag ng pagtitiwala sa Dios at pagsunod sa Kanyang mga daan na Siya ang magliligtas sa atin mula sa lahat ng ating mga suliranin. Ang unang simbahan ay dumaan sa maraming paghihirap at pinanatili sa pamamagitan ng panalangin. Dapat ituring ng mga bagong disipulo ang panalangin at ang paghingi sa Panginoon bilang tanging bagay na kanilang mapagkakatiwalaan upang mapanatili sa buhay. Basahin natin ang sumusunod na Kasulatan upang makita kung gaano kahalaga ang buhay-panlangin sa buhay ng unang simbahan, at gaano rin ito kahalaga para sa atin ngayon. ***"23 At nang sila'y mangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang mga kasamahan, at iniulat ang lahat ng sa kanila'y sinabi ng mga pangulong saserdote at ng matatanda. 24 At sila, nang kanilang marinig ito, ay nangagkaisang itaas nila ang kanilang tinig sa Dios, at nangagsabi, Oh Panginoon, ikaw na gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat, at ng lahat ng nangasa mga yaon: 25 Na sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng bibig ng aming amang si David, na iyong lingkod, ay sinabi mo, Bakit nangagalit ang mga Gentil, At nagsipaghaka ang mga tao ng mga bagay na walang kabuluhan? 26 Nagsitayong handa ang mga hari sa lupa, At ang mga pinuno ay nangagpisanpisan, Laban sa Panginoon, at laban sa kaniyang Pinahiran. 27 Sapagka't sa katotohanan sa bayang ito'y laban sa iyong banal na Lingkod na si Jesus, na siya mong pinahiran, ang dalawa ni Herodes at ni Poncio Pilato, kasama ng mga Gentil at ng mga bayan ng Israel, ay nangagpisanpisan, 28 Upang gawin ang anomang naitakda na ng iyong kamay at ng iyong pasiya upang mangyari. 29 At ngayon, Panginoon,***

***tingnan mo ang kanilang mga bala: at ipagkaloob mo sa iyong mga alipin na salitain ang iyong salita ng buong katapangan, 30 Samantalang iyong iniuunat ang iyong kamay upang magpagaling; at upang mangyari nawa ang mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng iyong banal na si Jesus. 31 At nang sila'y makapanalangin na, ay nayanig ang dakong pinagkakatipunan nila; at nangapuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Dios." (Mga Gawa 4:23-31 KJV) "1 Nang panahon ngang yaon ay iniunat ni Herodes ang kaniyang mga kamay upang pahirapan ang ilan sa Iglesia. 2 At pinatay niya sa tabak si Santiago na kapatid ni Juan. 4 At nang makita niya na ito'y ikinatutuwa ng mga Judio, ay kaniya namang ipinagpatuloy na hulihin si Pedro. At noo'y mga araw ng mga tinapay na walang lebadura. 4 At nang siya'y mahuli na niya, ay kaniyang inilagay siya sa bilangguan at siya'y ibinigay sa apat na tigaapat na kawal upang siya'y bantayan; na inaakalang siya'y iharap sa bayan pagkatapos ng Paskua. 5 Kaya nga't si Pedro ay iningatan sa bilangguan: datapuwa't ang iglesia ay maningas na dumalangin sa Dios patungkol sa kaniya. 6At nang siya'y malapit nang ilabas ni Herodes, nang gabi ring yaon ay natutulog si Pedro sa gitna ng dalawang kawal, na nagagapos ng dalawang tanikala: at ang mga bantay sa harap ng pintuan ay nangagbabantay ng bilangguan. 7 At narito, tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon, at lumiwanag ang isang ilaw sa silid na kulungan: at tinapik si Pedro sa tagiliran, at siya'y ginising, na sinasabi, Magbangon kang madali. At nangalaglag ang kaniyang mga tanikala sa kaniyang mga kamay. 8 At sinabi sa kaniya ng anghel, Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak. At gayon ang ginawa niya. At sinabi niya sa kaniya. Isuot mo sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin. 9 At siya'y lumabas, at sumunod; at hindi niya nalalaman kung tunay ang ginawa ng anghel kundi ang isip niya'y nakakita siya ng isang pangitain. 10 At nang kanilang maraanan na ang una at ang pangalawang bantay, ay nagsirating sila sa pintuang-bakal na patungo sa bayan; na kusang nabuksan sa kanila: at sila'y nagsilabas, at nangagpatuloy sa isang lansangan; at pagdaka'y humiwalay sa kaniya ang anghel. 11 At nang si Pedro ay pagsaulian ng isip, ay kaniyang sinabi, Ngayo'y nalalaman kong sa katotohanan ay sinugo ng PANGINOON ang kaniyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa buong pagasa ng bayan ng mga Judio. 12 At nang siya'y makapagnilay na, ay naparoon siya sa bahay ni Maria na ina ni Juan na may pamagat na Marcos; na kinaroroonan ng maraming nangagkakatipon at nagsisipanalangin. 13 At nang siya'y tumuktok sa pintuang-daan, ay lumabas upang sumagot, ang isang dalagang nagngangalang Rode. 14 At nang makilala niya ang tinig ni Pedro, sa tuwa'y hindi niya binuksan ang pintuan, kundi nagtakbo sa loob, ipinagbigay-alam na nakatayo si Pedro sa harap ng pintuan. 15 At kanilang sinabi sa kaniya, Nauulol ka. Datapuwa't buong tiwala niyang pinatunayan na gayon nga. At kanilang sinabi, na yao'y kaniyang anghel. 16 Datapuwa't nanatili si Pedro nang pagtuktok: at nang kanilang buksan, ay nakita nila siya, at sila'y nangamangha. 17 Datapuwa't siya, nang mahudyatan sila ng kaniyang kamay na sila'y tumahimik, ay isinaysay sa kanila kung paanong inilabas siya ng PANGINOON sa bilangguan. At sinabi niya, Ipagbigay-alam ninyo ang mga bagay na ito kay Santiago, at sa mga kapatid. At siya'y umalis, at napasa ibang dako. 18 Nang maguumaga na ay hindi kakaunti ang kaguluhang nangyari sa mga kawal, tungkol sa kung anong nangyari kay Pedro. 19 At nang siya'y maipahanap na ni Herodes, at hindi siya nasumpungan, ay siniyasat niya ang mga bantay, at ipinagutos na sila'y patayin. At siya buhat sa Judea ay lumusong sa Cesarea, at doon tumira." (Mga Gawa 12:1-19 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** * Ang pagbabautismo sa tubig ay isang tunay na pangako na sundan ang Dios at magsimula at makilahok sa bagong buhay bilang mga alagad, tagasunod, at manggagawa upang paglingkuran ang Panginoong Jesucristo. * Ang pagbabautismo sa tubig ay pangako na sundan ang Salita ng Dios, gawin ang Kanyang kalooban, mamuhay ng banal, mamuhay sa panalangin, sundin ang turo ng mga apostol, at mamuhay sa pakikisama sa iba pang mga miyembro ng katawan ni Cristo, ang Kanyang simbahan. * Panalangin ko na ang mensaheng ito ay makakatulong sa iyo na magpasya na sumunod kay JesuCristo, ang ating huwaran at halimbawa, ilibing ang iyong lumang buhay at maging handa na simulan ang pagsunod sa Kanya, ibigay ang iyong buhay ng lubos sa Kanya at walang pag-aatubili, at maging mabuting halimbawa sa iba para sundan si Cristo at maging Kanyang mga alagad.

Tayo'y manalangin … .

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa Iyong Salita at salamat po sa bagong buhay na mayroon ako kay Cristo Jesus. Panginoon, salamat po sa paglalagay sa akin sa Iyong pamilya, sa Iyong iglesia, at sa pakikibahagi kasama ang aking mga kapatid sa Iyong presensya. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espiritwal na mga pagpapala na aking natanggap mula sa Iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng pagtuturo, mga pagpapaalala, mga pagsaway at pagpapayo na aming natanggap sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikuran ang lahat ng iyong kasalanan. Magsisi sa iyong kakulangan sa pananampalataya at mga pagdududa. Magsisi sa iyong hindi pagiging handang ilibing ang lumang buhay sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at bumangon mula sa tubig upang mamuhay ng bagong buhay ng kabanalan para kay Cristo, at makibahagi kasama ang ibang miyembro ng iglesia. Magsisi sa iyong pagiging matigas ang*

*ulo sa paggawa ng sarili mong gawin at plano at hindi ang kalooban o plano ng Dios. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at sa buhay ng panalangin. Magsisi sa iyong kakulangan ng kagustuhang maglingkod sa Dios at magtiis para kay Cristo. Panginoon, nagsisisi ako, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan* ________________________________________.

*Panginoon, isinusuko ko sa Iyo ang aking lumang buhay at aking sariling kalooban, inihuhukay ang mga ito sa ilalim ng tubig sa bautismo sa tubig at muling itataas mula sa tubig upang buhayin ang aking bagong buhay para kay Cristo at maglingkod sa Dios at sa Kanyang layunin. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa turo ng mga apostol, sa paghahati ng tinapay, sa pakikisalamuha sa iyong iglesia, at sa buhay ng panalangin. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili upang lumabas at ipangaral ang evangelio, ipalaganap ang Iyong Salita, gumawa ng mga alagad, at magbigay ng mabuting halimbawa sa iba upang sundan Ka. Panginoon, patatagin Mo ako sa Iyong biyaya, ingatan ako, at ipagpatuloy sa pagbibigay ng pangangailangan ko upang magpatuloy sa paglilingkod sa Iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo ang aming mga Kapatid na ipinangako ang kanilang buhay para sa Iyo, na nagpa-bautismo sa tubig, at ipinangako ang kanilang sarili sa aral ng mga apostol, sa pakikipag-ugnayan sa iyong simbahan, at sa paghahati ng tinapay at panalangin. Panginoon, patatagin mo sila sa pamamagitan ng iyong biyaya, pakinggan ang kanilang panalangin, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at gamitin mo sila upang paglingkuran Ka, maabot ang iba at dalhin sila sa Iyo. Panginoon, hayaang maging mabuting halimbawa ang kanilang buhay at testimonya upang sundan ka ng iba.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kaming magpatuloy na magtiyaga sa aral ng mga apostol, sa pakikipag-ugnayan, sa paghahati ng tinapay at sa buhay ng panalangin. Panginoon, tulungan mo kaming ipagpatuloy ang ebanghelisasyon at pagpapalaganap ng iyong Salita. Panginoon, bigyan Mo kami ng kakayahan upang lumabas at makagawa ng bagong alagad at bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Panginoon, gabayan mo kami at tulungan kaming sanayin ang mga bagong manggagawa upang paglingkuran Ka, magtatag ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at tanggapin ang baustismo ng Banal na Espiritu. Pangioon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang makarating sa mga yao na nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:

1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com